Isang paglilingkod-bayan ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-Manila

Negosyanteng Pinoy

Isyu Numero 5
Setyembre 2001

Responsibilidad ng mga negosyante

Maraming responsibilidad ang mga negosyante sa lipunan. Liban pa sa paggawa ng mga produkto at serbisyong kailangan ng mga mamamayan, inaasahan ding tutugon sila sa pagpapanatili ng kapaligiran kung saan nanggagaling ang mga sangkap na ginagamit para sa produksyon.

Ipinapatong din sa mga balikat ng mga negosyante ang pagtatayo ng mga negosyong magbibigay ng trabaho sa mga mamamayan. Subalit hindi sapat na mabigyan lamang ng trabaho ang mga tao. Inaasahan ng marami na bibigyan ng mga negosyante ng sapat na sahod at ng maayos na kondisyon ng pagtatrabaho ang mga manggagawa. Sa pamamagitan lamang nito mapapanatili ang produktibong pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga mangangapital / negosyante at ng mga manggagawang nagbibigay naman ng kanilang angking lakas at kakayahan.

Sa isyung ito, bibigyang-pansin ang responsibilidad ng mga negosyante sa kapaligiran at sa mga manggagawa.

Bakit mahalagang alagaan ang kapaligiran?



Ni Marivic D. Valenzuela
Accountancy Department

Halos lahat tayo ay nababahala sa mga suliranin ng pangkapaligiran, ngunit sa kabila nito, hindi natin lubhang malaman kung ano ang magagawa natin tungkol dito. Kung tutuusin pa nga, tayo rin ay kasamang nag-aambag sa kasalukuyang paglala ng kondisyon ng ating kapaligiran dahil sa pag-aakalang ang konting duming ating ikinakalat ay di naman makapagpapalala nito.

Ang mga mamamayan ay may iba't-ibang reaksyon tungkol sa polusyon.

Ang una ay yaong mga taong tahasang tumutuligsa sa lahat ng

bagay na nagdudulot ng panganib at dumi sa hangin, tubig o anumang bagay na sumisira sa likas na kagandahan ng tanawin.

Ang ikalawa ay yaong mga taong walang awang lumalapastangan sa ating kapaligiran, yaong mga taong walang pagpapahalaga sa malinis na hangin, tubig at kapaligiran.

Ang ikatlo ay yaong mga nasa gitna ng dalawang unang reaksyong nabanggit. At karamihan sa atin ay kasama sa ikatlong uri.

Ang kapaligiran

Maitatanong natin, ano nga ba ang polusyon at bakit mahalaga na ingatan natin ang ating kapaligiran? Bago natin matugunan ang katanungang ito, mahalaga na malaman natin kung ano ang ibig sabihin ng kapaligiran o *environment* at ang iba't-ibang pakinabang na naibibigay nito. Ang kapaligiran ay binubuo ng hangin, tubig at lupang nakapaligid sa atin. Ang tatlong sangkap na ito ay nagbibigay sa atin ng iba't-ibang serbisyo, kasama na rito ang lugar na ating tinitirhan at mga likas na yamang pinagkukunan ng iba't-ibang produkto.

Ang mga suliraning pangkapiligiran ay karaniwang nagmumula sa pagtatapon ng iba't-ibang uri ng basura o *waste*. Ang mga basurang ito ay karaniwang gawa ng mga prodyuser at mamimili. Dinudumihan natin ang hangin sa pamamagitan ng ating mga pagawaan at mga sasakyang gumagamit ng krudo at gas. And mga ilog at dagat ay dumurumi rin dahilan sa pagtatapon ng iba't-ibang uri ng basura sa mga ito.

Habang tayo ay patuloy na nagdudumi ng ating kapaligiran, ang kalikasan naman ay may sariling pamamaraan ng *pagrerecycle*. Halimbawa, ang lahat ng mga tao at hayop ay gumagamit ng *oxygen*, at naglalabas ng *carbon dioxide*. Sa kabilang dako, ang mga halaman naman ay nangangailangan ng carbon dioxide at nagbibigay ng oxygen. Ang mga patay na hayop at halaman ay nabubulok na siya namang nagiging pataba ng lupa.

May tatlong uri ng polusyon. Ito ay ang polusyon sa hangin, lupa at tubig.

Ang mga buhay na organismo ay karaniwang tumutulong sa pagpapatuloy ng pagkabulok o *decomposition* na siyang nagbibigay daan sa panibagong buhay. Katulad ng bakal, ito ay kinakalawang sa paglipas ng panahon. Nabubulok naman ang mga kahoy, papel, karton at iba pa. Ang mga basura o *waste* ay maaari nating hatiin sa dalawang kaurian. Ang unang uri ng basura na karaniwang nabubulok sa pamamagitan ng hangin, tubig at lupa ay masasabi nating *biodegradable*. Subalit ang ibang mga kalat tulad ng mga sisidlang yari sa aluminum, plastik at styrofoam ay tinatawag na *non-biodegradable*.

Ano nga ba talaga ang polusyon?

Masasabing ang polusyon ay kasingtanda ng sibilisasyon. Sa tuwinang nagsasama-sama ang mga tao, ang kanilang mga basura o *wastes* ay mabilis ding dumadami. Ngunit ang kalikasan ay may kakayanang bulukin at gamitin itong pataba ng lupa sa paglipas ng ilang panahon.

Noong unang panahon kung saan kakaunti pa lang ang tao sa mundo at wala pang mga permanenteng mga lungsod sa bawat lugar, di ganoon kalaki ang problema sa polusyon. May kaugalian pa ang mga mamamayan noon na lumikas sa ibang lugar kung ang kasalukuyang pook na kanilang tinitirhan ay di na gaanong nagbubunga ng sagana at ang pakinabang na kanilang natatamo ay kaunti kumpara sa mga suliraning idinudulot sa kanila gawa na rin ng polusyong dinala nila roon tulad ng pagkakainingin, pagputol ng mga punong kahoy at iba't-ibang dumi ng tao at hayop.

Sa paglipas ng panahon, ang lugar na kanilang iniwan ay sasailalim sa tinatawag nating *natural recycling process* o ang natural na pagkabulok at paggamit ng lupa ng mga nabulok na bagay bilang pataba. Dito muling sasagana at pagpapanibagong muli ang likas na

yaman ng kapaligiran.

Taong 2001, batid natin na dumami na ang populasyon ng tao sa mundo. Naitatag ang iba't-ibang mga bayan at lungsod at kasabay nito ang paglaki ng suliranin tungkol sa polusyon. Naging malaking suliranin ang pagtatapon ng iba't-ibang uri ng basurang likha ng mga tao at hayop. Habang dumarami ang bilang ng tao sa mundo, kasabay nito ang paglaki ng suliranin sa polusyon sa dahilang di na rin sila maaaring magpalipat-lipat sa ibang lugar. Ibinaling ng tao ang kanyang pansin sa pagbubuo ng mga pamayanan at ang paglikha ng solusyon sa lumalalang suliranin sa polusyon. Ngunit bago pa man papigilan ang paglala ng suliraning ito, kinakailangang matukoy natin ng tama ang iba't-ibang uri nito.

Uri ng polusyon

May tatlong uri ng polusyon. Ito ay ang polusyon sa hangin, lupa at tubig. Ang polusyon sa hangin ay karaniwang sanhi ng pagsusunog o combustion. Ang polusyon sa lupa ay resulta ng walang habas na pagtatapon ng basura at pagmimina. At ang polusyon naman sa tubig ay sanhi naman ng pagtatapon din ng iba't-ibang uri ng dumi sa mga ilog at karagatan, kasama rin dito ang maling paraan ng pangingisda.

Posibleng solusyon

Ano kaya ang maaari nating gawin sa problemang ito ng polusyon? May dalawang paraan sa pagtugon sa suliraning ito. Ang una ay sa pamamagitan ng tahasang pagaata ng batas o *direct control* ng pamahalaan. Ito ay isinasakatuparan sa pamamagitan ng pagbabawal ng lahat ng mga gawaing nakapagpapadumi ng kapaligiran. Halimbawa, kung ang DDT ay nakakarumi ng lupa at tubig, maaaring magpatupad ng batas ang pamahalaan na nagbabawal sa paggamit ng kemikal na ito. Ang mga sangay ng pamahalaan ay

Ang recycling ay ang pag-iibang anyo ng basura upang maging kagamitang panangkap na maaaring gamitin ulit.

maaaring magpalabas ng kautusan upang matugunan ang lumalalang suliraning ito ng polusyon.

Ang ikalawang paraan ay yaong tinatawag nating *indirect control* o hindi tahasang pamamaraan sa pamamagitan ng pagpapataw ng malaking buwis sa anumang gawain na nakapagpapadumi ng kapaligiran. Halimbawa, ang mga pabrikang nagdudumi ng hangin at ilog ay maaaring patawan ng malaking buwis upang sa gayon, ang mga namamahala ng mga pabrikang ito ay mag-isip ng paraan kung paano nila mapapalinis ang kanilang produksyon.

Ang recycling

Kasama sa programang malinis na produksyon o *cleaner production* ay ang tinatawag na *recycling*. Ano nga ba itong *recycling* na tinatawag? Ito ay ang pag-iibang anyo o *transformation* ng basura upang maging kagamitang panangkap na maaari ulit gamitin. Ang polusyon kung ating pagtutuunan ng malalim na pansin ay sanhi ng mga basura o *waste* na hindi napag-iibang anyo upang mapakinabangan pa sa ibang pamamaraan.

Kung tutuusin, marami pang paraan ang maaaring magawa ng tao upang mapangalagaan ang kapaligiran at iba't-ibang likas na yaman nito. Kailangan lang ng sama-samang pagtutulungan lalo na sa bahagi ng pamahalaan na siyang magpapatupad ng mga batas ukol dito.

Ang laki ng ating mundo ay hindi nagbabago. Kinkailangang magtulung-tulong ang lahat sa pag-aalaga nito hindi lamang para sa pansariling kapakanan kundi pati na rin para sa susunod na salinlahi.

Ang pag-unlad ay hindi masamang mithiin at kamtin ng bawat isa ngunit gawin natin ito na may pagmamalasakit sa kapaligiran sapagkat kung hindi, wala nang maipamamana sa susunod na salinlahi na malinis na hangin, lupa at karagatan. Iisa lamang ang ating daigdig kung kaya mahalin at pangalagaan natin ito!

Paano ba tutugunan ang pangangailangan ng empleyado?

Ni Raymund Habaradas
Business Management Department

Mahalagang matugunan ang pangangailangan ng mga empleyado upang maging produktibo ang mga ito sa kanilang trabaho. Ito ang isa sa pinakamahalagang responsibilidad ng isang may-ari o tagapamahala ng isang negosyo.

Para sa mga negosyong umaasa sa galing at talino ng mga empleyado upang makabenta ng mga produkto nito o makapaghatid ng serbisyo sa mga kustomer, mahalagang maintindihan ng tagapamahala o manager kung ano ang sanhi ng motibasyon ng mga empleyado. Paano ba sila maeengganyong magtrabaho ng mahusay nang hindi na kailangang pilitan pa? Anong tipong pabuya o kabayaran ang dapat ibigay para makuha ang buong kooperasyon ng mga ito?

Pangangailangan ng mga tao ayon kay Maslow

Ayon kay Abraham Maslow, mayroon limang uri ng pangangailangan ang mga tao, at ang mga pangangailangang ito ay nagtutulak sa kanilang gumawa ng aksyon upang matugunan ang mga ito. Ang mga pangangailang ito, ayon sa kanya, ay ang sumusunod:

Bakit tatamad-tamad si Juan?

Kung meron kang empleyadong ngayo'y walang kagana-gana sa trabaho, maaaring hindi ito kuntento sa mga benepisyong natatanggap. Maaari rin namang hindi nabibigyan ng sapat na rekognisyon ang kanyang mga kontribusyon sa negosyo. O baka naman nababagot na ito sa kawalan ng responsibilidad sa kanyang trabaho?

Bakit lumayas si Inday?

Kung napapansin mong marami kang empleyadong nagre-resign o di nagtatagal sa iyong negosyo, baka masyado kang mababang magpasweldo. Meron ba silang hindi makasundo sa trabaho? O baka naman hindi maayos ang pagtrato mo sa kanila?

1. **Pangangailangan ng katawan** (Physiological needs), tulad ng hangin, pagkain, tubig, at kaginhawaan ng katawan.

2. **Pangangailangan pangkaligtasan** (Safety needs), tulad ng proteksyon sa panganib, kaseguruhan sa trabaho o sa iba pang aspekto ng pang-araw-araw na buhay.

3. **Pangangailangang sosyal** (Social or belongingness needs), tulad ng pakikisalamuha sa ibang tao, o pagkakaroon ng magandang pakikipag-ugnayan sa mga katrabaho.

4. **Pangangailangan ng pagkilala** mula sa ibang tao (Esteem needs), tulad respeto, o rekognisyon sa mga nagawang bagay.

5. **Pangangailangang lubos na mapabuti ang sarili** (Self actualization needs), tulad ng pagkakaroon ng pagkakataong mahasa at

maggamit ang talino at kakayahan.

Ang mga pangangailangang ito ay maaaring hatiin sa dalawang uri. Ang unang tatlo ay tinatawag na *lower order needs* o ang mga **batayang pangangailangan**, at ang dalawang huli ay ang *higher order needs* o **mas mataas na uri ng pangangailangan**.

Ang tamang pagtaya kung ano ang mga pangangailangang ito ay makatutulong ng malaki sa isang may-ari ng negosyo sa pamamahala ng kanyang mga tauhan, lalo na sa pagpapaliwanag ng kanilang pag-uugali sa trabaho.

Bakit walang gana?

Kung ang isang empleyado, halimbawa, ay mukhang nawawalan na ng gana sa trabaho, maaaring sanhi ito ng isang pangangailangang hindi natutugunan. Kung isa siyang contractual na empleyado at alam niyang hindi na mare-renew ang

Mga posibleng paraan ng pagtugon sa pangangailangan ng mga empleyado

Pangangailangang lubos na mapabuti ang sarili (Self-actualization needs)	• **Trabahong susubok sa kakayahan ng empleyado** (Creative and challenging work) • **Partisipasyon sa pagdedesisyon** (Participation in decision-making) • **Kalayaang dumiskarte sa trabaho** (Job flexibility and autonomy)
Pangangailangan ng pagkilala mula sa ibang tao (Esteem needs)	• **Responsibilidad ng isang importanteng trabaho** (Responsibility of an important job) • **Paglagak sa posisyong tinitingala o pinag-aagawan ng marami** (Promotion to a higher status job) • **Papuri at pagkilala mula sa boss** (Praise from the boss)
Pangangailangang sosyal (Social needs)	• **Mababait at maaasahang kasama sa trabaho** (Friendly and supportive co-workers) • **Pagkakataong makisalamuha sa mga customer at supplier** (Interaction with customers and suppliers) • **Mabait at maunawaing boss** (Pleasant supervisor)
Pangangailangang pangkaligtasan (Safety needs)	• **Ligtas na lugar ng trabaho** (Safe working conditions) • **Kaseguruhan sa trabaho** (Job security) • **Sapat na sahod at benepisyo** (Adequate compensation and benefits)
Pangangailangan ng katawan (Physiological needs)	• **Sapat na oras ng pagkain at pagpapahinga** (Rest and refreshment breaks) • **Komportableng paraan ng pagtatrabaho** (Physical comfort on the job) • **Hustong oras ng pagtatrabaho** (Reasonable work hours)

Base kay Shermerhorn Jr. J. (1999) Management, 6th edition. John Wiley and Sons, Inc.

kanyang kontrata sa susunod na buwan, wala nang dahilan pa upang kumayod siya ng lubos dahil malapit na rin naman siyang mawalan ng trabaho. Sa sitwasyong ito, hindi natutugunan ang kanyang pangangailangang pangkaligtasan o *safety needs*. Pero kung alam niyang maaari siyang maging permanente depende sa kanyang performance sa trabaho, hindi kataka-taka kung magpakitang-gilas ito. Sa sitwasyong ito, ang pangangailangan niyang mapanatili ang hanapbuhay ang nagtutulak sa kanyang magtrabaho ng mabuti.

Meron din namang mga sitwasyong mabilis ang *turnover* (marami ang nagre-resign) ng mga empleyado sa isang kumpanya. Maraming posibleng dahilan. Maaaring hindi nagustuhan ng empleyado ang paraan ng pamamahala at pagtrato sa kanya ng kanyang boss. Maari rin namang may nakaaway itong kapwa empleyado. Sa kapwang sitwasyon, hindi na natutugunan ang pangangailangang sosyal o *social need* ng empleyado, kaya ito nag-resign.

Bakit nagpapaapi?

Pero paano ipapaliwanag ang mga sitwasyong nananatili ang mga empleyado sa isang kumpanya sa kabila ng napakababang sahod at pang-aapi o pang-aabuso sa kanila ng mga may-ari nito. Hindi ba't malinaw na hindi natutugunan ang pangangailangang pangkaligtasan, at pangangailangang sosyal ng mga ito?

Ang paliwanag dito ay ang malungkot na katotohanang maraming empleyado ang natatakot mawalan ng trabaho sa mga panahong ito. Sa sitwasyong ito, mas nangingibabaw ang pangangailangan ng katawan (Paano ko bubuhayin ang aking pamilya? Ano ang ipapakain ko sa aking mga anak? Paano ko sila pag-aaralin?), at handa silang isakripisyo ang kanilang kapakanan at karapatan, manatili lamang sa trabaho. Sa kasamaang-palad, ginagamit ito ng maraming may-ari ng negosyo upang panatilihing mababa ang sahod ng mga manggagawa.

Hindi suweldo lamang ang basehan

Sa kabilang dako, may mga taong nagtitiyaga sa isang hanapbuhay na di-kalakihan ang suweldo sa kabila ng mga mas nakasisilaw na oportunidad. Mayroong magsasabing "Mabait kasi si boss" o di kaya'y "nandito kasi ang mga kaibigan ko." Sa sitwasyong ito, higit na matimbang ang pagkakatugon sa pangangailangang sosyal ng empleyado kaysa sa suweldong kanyang tinatanggap.

Maaari rin namang ang trabahong kanyang ginagawa ay nagbibigay sa kanya ng kakaibang kasiyahan o *satisfaction* dahil sa pagkakataong masubok at mahasa ang kanyang kakayahan o magamit ang kanyang angking talino. Karaniwan ito sa mga kumpanyang sistematiko ang pagbibigay ng pagsasanay (training and development) sa mga empleyado nito. Maaari rin namang lubos ang tiwalang ibinibigay sa empleyadong magdesisyon at dumiskarte sa kanyang trabaho. Sa mga sitwasyong ito, nangingibabaw ang pangangailangang mapabuti ng lubos ang sarili o *self-actualization needs*.

Huling salita

Sa lahat ng ito, mahalagang tandaan na ang pamamahala ng mga empleyado ay isa sa pinakamatinding responsibilidad ng isang negosyante.

Di tulad ng mga makinang walang isip at damdamin, ang mga empleyado ay mayroong mga pangangailangang dapat tugunan upang ang mga ito'y patuloy na magtrabaho tungo sa pagkakamit ang layunin ng isang negosyo--ang kumita ng pera at makapaglingkod sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong kailangan ng lipunan.

Negosyanteng Pinoy

ay publikasyon ng Center for Business and Economics Research and Development (CBERD) ng De La Salle University-College of Business and Economics

Isyu Numero 5 Se*yembre 2001

Lupon ng patnugot
Dr. Michael Alba
e-mail: cbemma@dlsu.edu.ph
Dr. Divina Edralin
e-mail: cbedme@dlsu.edu.ph
Raymund B. Habaradas
e-mail: cberbh@dlsu.edu.ph

Kontribyutor
Marivic Valenzuela

Sekretarya
Liza Pajo